# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HUNYO 21, 2021, LUNES, IKA-09:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RECORDED 01 JUL 2021 Santa Cruz, Laguna

RELEASED OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN NAME DATE 7.1.21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 311-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN NG KARAGDAGANG BADYET BLG. 3 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAY HALAGANG P64,000.00 NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHANG BARANGAY BLG. 061-T2021 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 05-T2021 NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur para sa Karagdagang Badyet Blg. 3 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahang Barangay Blg. 60-T2021 / Kautusang Barangay Blg. 04-T2021 na may halagang P64,000.00 mula sa Balanseng Walang Pinaglalaanan ng Surplus 2020 na may halagang P1,282,381.75 upang ilaan para sa Office Supplies (P10,000.00); Repair of Building and Other Structure (P30,000.00); at Street Sweeper Allowance (P24,000.00) ng barangay;

**SAPAGKAT,** may pinagtibay na Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Blg. 3 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahang Barangay Blg. 061-T2021 / Kautusang Barangay Blg. 05-T2021;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahing pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Ramon D. Tan, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Alan T. Pamatmat, Kgg. Lea A. Almarvez at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan ng Karagdagang Badyet Blg. 3 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, Santa Cruz, Laguna na may halagang P64,000.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahang Barangay Blg. 061-T2021 / Kautusang Barangay Blg. 05-T2021 ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 21, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
6/29/21